



Script for Beacon Hill Bike Route Project Presentation

Script para sa presentasyon sa proyekto ng Ruta ng Bisikleta sa Beacon Hill

1. Beacon Hill Bike Route project drop-in session

Drop-in na sesyon tungkol sa proyekto ng Ruta ng Bisikleta sa Beacon Hill

Maligayang pagdalo sa paunang inirekord na bahagi ng online na drop-in na sesyon ngayong gabi. Ang script sa presentation ay isinalin at maida-download sa webpage ng proyekto nang sa gayon ay masundan ninyo ang tinatalakay. Kung pakikikingan ninyo ang rekording na ito minsan sa hinaharap, maaari ninyong i-email ang anumang mga katanungan o komento sa BeaconHillBike@seattle.gov. Ang mga miyembro ng team na narito upang mag-presenta na mula sa Seattle Department of Transportation (Kagawaran ng Transportasyon ng Seattle) ay sina Serena Lehman, ang project developer (tagabuo ng proyekto), at ako, si Lisa Harrison, ang communications at outreach lead (namumuno sa komunikasyon at pakikipag-ugnayan).

2. Our missions, vision, and core values

Ang aming mga misyon, bisyon, at pangunahing pagpapahalaga

Sa SDOT, nais naming ihatid ang mga proyektong nag-aambag sa isang komunidad na umuunlad at may pagkakapantay-pantay na pinasisigla ng maaasahang transportasyon. Nais naming magkaroon ng sistema ng transportasyon upang magkaloob sa mga tao ng ligtas at maaasahang pag-access sa mga lugar at oportunidad, at kami ay ginagabayan ng aming mga pagpapahalaga sa pagkakapantay-pantay, kaligtasan, mobilidad, kabutihan sa kapaligiran, paninirahan, at kahusayan.

3. Agenda

Agenda

Para sa presentasyon sa araw na ito, magbibigay kami ng maikling pangkalahatang pananaw sa proyekto, tatalakayin ang mga alternatibo sa ruta, at pag-uusapan kung paano magpapatuloy ang mga plano sa proyekto at ang feedback na nais naming marinig mula sa inyo. Hahayaan kong talakayin ni Serena ang kasaysayan ng proyekto at ang mga alternatibo sa disenyo.

4. Project purpose

Layunin ng proyekto

Noong 2019, nagsagawa ang SDOT ng pakikipag-ugnayan sa buong lungsod upang malaman ang tungkol sa mga priyoridad ng komunidad para sa pagkakaroon ng mga lugar na pagbibisikletahan sa kanilang komunidad. Malinaw naming narinig na mahalagang magkaroon ng marami pang ruta sa Southeast Seattle upang maikonekta ang mga tao sa kapitbahayan at mga sentro ng trabaho, lalo na sa Beacon Hill. Ang proyekto ng Ruta ng Bisikleta sa Beacon Hill ay nilikha bilang pagtugon sa aming napakinggan. Ang layunin ng proyektong ito ay upang lumikha ng isang ligtas at kumportableng ruta ng bisikletang magkokonekta sa mga tao sa mga negosyo at destinasyon sa komunidad sa Beacon Hill. Patuloy ang proyekto sa bisikleta sa pagbuo ng network ng pagbibisikletahang kumukonekta sa mga bagong lane para sa bisikleta sa Columbian Way, Myrtle Way at Chief Sealth Trail.

5. Project needs

Mga pangangailanan sa

Pinaplano namin ang isang ruta ng bisikleta sa Beacon Hill dahil natukoy namin ang lugar bilang koridor na may malaking priyoridad para sa pagtugon sa sumusunod na mga pangangailangan sa transportasyon at komunidad:

1. Mag-ambag sa mithiing Vision Zero ng Lungsod upang mawakasan ang mga pagkamatay at malulubhang pinsala mula sa trapiko
 2. Magkaloob ng mas mabuting koneksyon sa hilaga/timog sa southeast Seattle
 3. Pahusayin ang kaligtasan ng pedestriyan at nagbibisikleta at mga koneksyon sa transit
- Bagaman may iba pang mga kalapit na ruta ng bisikleta, ang ibang mga rutang ito ay hindi mabuti para sa mga gumagamit at hindi nagkokonekta sa mahahalagang tampok at negosyo sa komunidad.

6. Project overview

Pangkalahatang pananaw ng proyekto

Tumungo tayo sa pangkalahatang pananaw ng proyekto. Dahil sa napakahaba ng Beacon Hill at ang bawat lugar ay may mga naiibang pangangailangan at depende sa kung ano ang aming sinusuri sa proyekto, hinahati namin ang proyekto sa tatlong bahagi sa hanay ng Beacon Ave S.

Ang Bahagi 1 ay mula sa Dr. José Rizal Bridge na umaabot hanggang S Spokane at kumukonekta sa Kapitbahayan ng North Beacon Hill. Ang Bahagi 1 ang pagtutuuhan natin

ng pansin sa araw na ito. Nais naming makuha ang inyong feedback sa pagsusuri sa pagruruta para sa bahaging ito ng proyekto.

Ang Bahagi 2 ay matatagpuan sa hanay ng Beacon Avenue S mula Spokane patungong S Myrtle. Dumadaan ito sa Jefferson Park and kumukonekta sa hanay ng center median trail sa pamamagitan ng central Beacon Hill.

Bilang panghuli, ang Bahagi 3 ay matatagpuan sa pagitan ng S Myrtle at S 39th St sa South Beacon Hill. Mas higit na residensyal ang lugar na ito. Susuriin namin kung paano ia-upgrade ang daang center median upang gawin itong mas kaaya-aya para sa lahat.

7. Project area

Lugar ng proyekto

Tingnang maigi ang lugar ng proyekto rito.

Pinangalanan namin ang mga tampok ng komunidad sa mapa, gaya ng Pacific Tower, Hilltop Red Apple, aklatan, at marami pa. Sa ngayon, nasa yugto kami ng pagpapalano para sa lahat ng tatlong bahagi ng proyektong ito. Ang Bahagi 1 ay pinangalanang may asul na tulduk-tuldok na linya. Ito ay dahil marami kaming isinasaalang-alang na opsyon para sa kung aling mga kalsada dadaan ang ruta ng bisikleta. Ipipresenta namin ang mga opsyong iyon sa inyo sa araw na ito.

8. Bike lane overview

Pananaw sa lane ng bisikleta

Bago natin talakayin ang mga datos tungkol sa rutang ito, nais kong pag-usapan kung ano ang magiging hitsura ng proyekto

Kung mauuwi sa residensyal na kalye ang proyekto, maglalagay kami ng tinatawag na Greenway sa kapitbahayan. Karaniwang kabilang sa mga Greenway sa kapitbahayan ang mga elementong gaya ng mga speed hump, karatula sa paghinto, pag-aayos ng bangketa, at pagpapaganda ng tawiran sa mga interseksyon.

Kung mauuwi sa lansangan sa kalunsuran ang proyekto, susuriin namin kung anong uri ng lane para sa bisikleta ang ilalagay. Malamang na maging kabilang sa lane para sa bisikleta ang

espasyo para sa mga taong nagbibisikleta, pati ang ilang mga vertical na proteksyon gaya ng mga poste, gilid ng bangketa, o paradahan.

9. Evaluation of routes

Pagsusuri sa mga ruta

Ngayon, pag-uusapan natin ang tungkol sa Bahagi 1. Sa pagsusuri sa pagpili ng ruta, isinasaalang-alang namin ang ilang salik. Una, isaalang-alang naming kung paano gumagawa ng mga koneksyon para sa pagbibisikleta sa mga tampok sa komunidad gaya ng paaralang elementarya, tindahan ng grocery, mga lokal na negosyo at sa transit.

Pagkatapos, titingnan natin kung gaano kadirekta ang ruta. May narinig kaming feedback na ang direktang ruta ay mas hindi nakakalito para sa mga tao. Gaya ng nabanggit sa simula ng presentasyon, kaligtasan ang aming nangungunang pamantayan. Sinuri namin ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagtingin sa bilang ng mga banggaan at kung paano tumatakbo ang mga sasakyan sa mga kalsada. Isasaalang-alang din namin ang topograpiya, o kung paano ang paakyat na daan, kapag pumipili ng ruta, at ang kasalukuyang kondisyon ng bangketa.

Bilang panghuli, ang feedback ng komunidad ay ang susi sa prosesong ito. Kaya narito tayo ngayong gabi.

10. Segment 1 – Alternatives

Bahagi 1 - Mga Alternatibo

Tumungo tayo sa bahagi 1, mga alternatibo. Ang mga rutang ito ay lumilikha ng mga koneksyon sa Beacon Hill Elementary, north beacon hill business district at transit. Higit pa naming hinati ang bahagi isa sa seksyon sa hilaga at seksyon sa timog.

11. Segment 1 northern alternatives

Bahagi 1 mga alternatibo sa seksyon sa hilaga

Narito ang tatlong alternatibo sa seksyon sa hilaga ng bahagi 1 na aming isinasaalang-alang. Ang alternatibo 1 na nakaguhit sa luntian, ay paakyat sa 12th Ave S, at kumukonekta sa Paaralang Elementarya at sa maraming hintuan ng bus. Ang malaking bahagi nito ay nananatili sa mga residensyal na kalsada.

Ang Alternatibo 2 na nakapangalan sa lila, ay paakyat ng 14th Ave S. Kumukonekta rin ito sa paaralang elementarya at sa ilang hintuan ng bus. Nasa lansangan ito sa kalunsuran.

Ang Alternatibo 3 ay ipinapakita sa kulay kahel. Ito ang pinakadirektang opsyon ng ruta ngunit hindi kumukonekta sa mga hintuan ng transit o paaralang elementarya.

Sa lahat ng alternatibong bukod sa alternatibo 3, magkakaroon ng malaking pagpapaayos sa bangketa.

12. Segment 1 – northern alternative 1

Bahagi 1 – alternatibo sa seksyon sa hilaga 1

Tumungo tao sa bahagi 1, alternatibo sa seksyon sa hilaga 1, na ang malaking bahagi ay matatagpuan sa mga residensyal na kalsada at kumukonekta sa paaralang elementarya.

Ipapakita ko sa inyo ang kasalukuyang kondisyon sa hanay ng rutang ito sa mga sumusunod na slide.

13. Existing condition: 12th Ave S, between Golf Dr and S Judkins St Kasalukuyang kondisyon: 12th Ave S, sa pagitan ng Golf Dr at S Judkins St

Ito ang cross section ng 12th Ave S, sa pagitan ng Golf Dr at S Judkins St. Kasalukuyang may lane para sa bisikleta sa kanlurang panig ng kalsada, ngunit hindi ito protektado. Ang Route 36 at 60 ay dumadaan sa hanay na ito.

14. Existing condition: 13th Ave S, between S Massachusetts St and S Grand St

Kasalukuyang kondisyon: 13th Ave S, sa pagitan ng S Massachusetts St at S Grand St

Susunod, nais kong ipakita sa inyo ang hitsura ng 13th Ave S, sa pagitan ng S Massachusetts St at S Grand St. Ito ay isang residensyal na kalsada.

15. Segment 1 – northern alternative 2

Bahagi 1 – alternatibo sa seksyon sa hilaga 2

Tumungo tayo sa alternatibo sa seksyon sa hilaga 2 ng bahagi 1. Ang alternatibong ito ay matatagpuan sa hanay ng 14th Ave S at kumukonekta sa mga parehong ruta ng bus.

16. Existing condition: 14th Ave S, between S Holgate St and S Plum St

Kasalukuyang kondisyon: 14th Ave S, between S Holgate St at S Plum St

Gaya ng nakikita ninyo ngayon, sa hanay ng kalsadang ito ay mayroong hindi protektadong lane para sa bisikleta sa kanlurang panig ng kalsada. Ang South of Holgate 14th Ave S ay naging isang residensyal na kalsada.

17. Segment 1 – northern alternative 3

Bahagi 1 – alternatibo sa seksyon sa hilaga 3

Ang Bahagi 1 na alternatibo sa hilaga 3 ay pangunahing dumadaan sa hanay ng 15th Ave S. Hindi ito nagbibigay ng koneksyon sa transit o paaralang elementarya, ngunit ito ang pinakadirektang ruta mabibiyaha mula hilaga hanggang timog. Ibig sabihin, ito ay mayroong pinakakaunting pagliko.

18. Existing condition: 15th Ave S, between S Plum St and S Hill St

Kasalukuyang kondisyon: 15th Ave S, sa pagitan ng S Plum St at S Hill St

Narito ang cross section ng mga kasalukuyang kondisyon sa 15th Ave sa pagitan ng S Plum St at S Hill St. Makikita ninyong mayroong hindi protektadong lane para sa bisikleta sa kanlurang panig ng kalsada.

19. Topography is a factor we consider in our evaluation of a route.

Topograpiya

Ang pinakamatarik na dalisdis sa Alternatibo 1 ay 9%, at 7% para sa alternatibo 2 at alternatibo 3. Ipinapakita rito ang hitsura ng kataasan sa magkakaibang alternatibo. Ang Alternatibo 1 ay may pinakamalaking pagbabago at ang 15th Ave S ay may pinakamaliit na pagbabago.

20. Segment 1 southern alternatives

Bahagi 1 mga alternatibo sa seksyon sa timog

Susunod, talakayin natin ang mga alternatibo sa seksyon sa timog ng bahagi 1. Ang mga alternatibo sa seksyon sa timog ay magkokonekta sa S Forest St patungong S Spokane St.

Ang alternatibo 1 ay nakaguhit sa asul sa mapa, at ang alternatibo 2 ay nakaguhit sa magenta.

21. Segment 1 – southern alternative 1

Bahagi 1 – alternatibo sa seksyon sa timog 1

Pagtuunan pa natin ng pansin ang alternatibo sa seksyon sa timog ng bahagi 1. Ang alternatibong ito ay matatagpuan sa hanay ng lansangan sa kalunsuran, may ilang pagliko, at nagbibigay ng access sa negosyo at transit. Ang rutang ito ay mangangailangan ng higit pang pagpapaayos ng bangketa.

22. Existing condition: Beacon Ave S, between S Stevens St and S Hanford St

Kasalukuyang kondisyon: Beacon Ave S, sa pagitan ng S Stevens St at S Hanford St

Kabilang sa mga kasalukuyang kondisyon sa hanay ng alternatibong ito ang dalawang lane sa pagbibiyahe, paradahan sa parehong panig ng kalsada, at isang likuang lane. Kasalukuyang walang lane para sa bisikleta rito, pangunahin ang mga markang lane para sa lahat o "Sharrows."

23. Segment 1 – southern alternative 2

Bahagi 1 – alternatibo sa seksyon sa timog 2

Narito ang hitsura ng alternatibo sa seksyon sa timog 2. Tumatakbo ito sa hanay ng low-stress na kalsada na may mas maraming likuan, at nagbibigay pa rin ng access sa mga negosyo at transit.

24. Existing condition: 17th Ave S, between S Hanford St and S Winthrop St

Kasalukuyang kondisyon: 17th Ave S, sa pagitan ng S Hanford St at S Winthrop St

Gaya ng nakikita ninyo mula sa cross section na ito, ang ruta ay nasa residensyal na kalsada at walang mga pasilidad ng bisikleta sa hanay ng 17th Ave S sa pagitan ng S Hanford St at S Winthrop St.

25. Segment 2

Bahagi 2

Ang mga alternatibong kanina ko lamang tinalakay ay espesipiko sa bahagi 1, north Beacon Hill. Pinili na ang mga ruta para sa mga bahagi 2 at 3 ngunit nais kong magbigay ng maikling pangkalahatang pananaw sa parehong bahaging ito at sa mga kasalukuyang kondisyon nito. Kabilang sa Bahagi 2 ang Jefferson Park at interseksyon sa Columbia Way S. Kokonekta ito sa mga kasalukuyang koneksyon para sa bisikleta sa Columbian Way S, Chief Sealth Trail at S Myrtle.

26. Existing condition: Beacon Ave S in Jefferson Park

Kasalukuyang kondisyon: Beacon Ave S sa Jefferson Park

Sa hanay ng rutang ito sa Jefferson Park, may isang malaking paradahan sa kanlurang panig ng kalsada. Ang mga bisikleta at sasakyan ay parehong dumadaan sa mga lane sa silangang panig. Ang route 36 na bus ay dumadaan din sa hanay ng rutang ito.

27. Segment 3

Bahagi 3

Ang Bahagi 3 ay ang pinakatimog na seksyon ng Ruta ng Bisikleta ng Beacon Hill. Kokonekta ito sa mga parke at paaralan.

28. Existing condition: Beacon Ave S, between S Ferdinand St and S 39th St

Kasalukuyang kondisyon: Beacon Ave S, sa pagitan ng S Ferdinand St at S 39th St

Idinidetalye sa cross section na ito ang mga kasalukuyang kondisyon sa katimugang dulo ng bahagi 2 at sa bahagi 3. Makikita ninyo na sa pagitan ng Columbian Way S at S 39th para sa halos lahat ng bahagi, may paradahan tayo sa bawat panig ng kalsada, isang lane para sa bawat direksyon at isang daang center median. Sa malalaking interseksyon, may maliliit na loteng paradahang nakalaan para sa mga lokal na negosyo.

Sinusuri namin ang pinakamainam na paraan upang gawin itong mas kumportable para sa mga taong nagbibisikleta o naglalakad sa lugar na ito. Salamat sa inyong atensyon sa araw na ito. Hihingin namin ang iyong feedback sa ating live na Q&A portion ng drop-in na sesyong ito, pati na rin sa online survey, na makukuha sa webpage ng proyekto hanggang Miyerkules, sa Ika-26 ng Agosto. Hahayaan ko nang talakayin ni Lisa ang Stay Health Streets at ang mga susunod na hakbang sa proyekto.

29. Stay Healthy Streets

Ang Stay Healthy Streets

Salamat, Serena.

Nais kong ilaan ang oras na ito upang talakayin ang isa pang inisyatiba ng SDOT, ang Stay Healthy Streets.

Binubuksan ng Stay Healthy Streets ang ilang residensyal na kalsada para sa paglalakad, pagbibisikleta, at rolling habang pinananatili ang pag-access sa pagmamaneho para sa mga delivery, serbisyo, at sa mga tirahan at trabaho. Kaayon ng Stay Healthy Streets ang mga protektadong lane para sa bisikleta sa pamamagitan ng pagbibigay ng opsyon sa mga miyembro ng komunidad na mas kumportable sa paggalaw sa mga kalsadang mas mabagal ang daloy. Sinimulan ang inisyatiba bilang bahagi ng pang-emerhensyang tugon sa COVID-19, at itinalaga sa mahigit 30 milya sa buong lungsod. Ang programa ay ginagawang mas madali para sa mga tao ang manatiling malapit sa tirahan at magpanatili ng 6 na talampakang distansya habang pumupunta sa mga lokal na negosyo at naglilibang.

Noong Abril at Mayo, naglagay kami sa 3.3 milya sa Beacon Hill sa hanay ng greenway ng kapitbahayan mula sa Mountains patungong Sound Trail hanggang S Lucille Street. Ang aming susunod na hakbang ay tukuyin kung saan gagawing permanente ang 20 milya ng Stay Healthy Streets. Noong Setyembre, pauunlarin namin ito mula sa mga saloobing natanggap hanggang sa kasalukuyan sa pamamagitan ng mga tawag sa telepono, email, at aming online survey at ilulunsad namin ang proseso ng pakikibahagi ng komunidad. Ang mga pagsusumikap sa pakikibahagi ng komunidad ay: itutuon sa lahi at pagkakapantay-pantay, tatalakayin kung paano igagalang ang kahalagahang pangkultura ng mga kapitbahayan, tatalakayin kung ano ang mabisa at kung ano ang hindi, ibabahagi ang uri ng mga treatment na maaaring naming gamitin upang palitan ang mga kasalukuyang karatulang Sarado ang Kalsada, at tutukuyin ang mga permanenteng lokasyon para sa Stay Healthy Streets. Kung mayroon kang anumang mga karagdagang katanungan tungkol sa Stay Healthy Streets, mangyaring manatili upang magtanong pagkatapos ng presentasyong ito, o bumisita sa www.seattle.gov/stayhealthystreets.

30. Next Step

Susunod na Hakbang

Sa ilang sandali lamang, sisimulan namin ang pagsagot sa mga katanungan kung papanoorin ninyo ito nang live para sa susunod na kalahating oras o hanggang sa masagot namin ang lahat ng katanungang natanggap sa gabing ito. Mayroon kaming online survey sa mga alternatibo sa disenyo ng Bahagi 1 kung saan namin makakuha ng feedback at mga

ideya. Mangyaring bisitahin ang website ng proyekto para sa link ng survey. Magiging bukas ang survey hanggang sa Ika-26 ng Agosto.

Maaari kang manatiling may kaalaman tungkol sa mga darating na aktibidad sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagtingin sa website ng proyekto o pag-sign up para sa mga update sa email.

Pagkatapos naming matipon ang mga feedback na aming natutunan ngayong gabi at mula sa survey, gagamitin namin ang impormasyong iyon sa pagpili ng mas ninanais na ruta. Ibabahagi namin ang aming natutunan at ang napiling ruta sa kalaunang bahagi ng 2020.

31. Questions? Mga Tanong?

Bubuksan namin ang ating mga screen sa ilang saglit at sasagutin ang mga katanungang inyong isinumite sa pamamagitan ng Q and A na function. Maaari kayong patuloy na magsumite ng mga katanungan at gagawin namin ang lahat ng makakaya upang makuha ang lahat ng ito. Kokolektahin namin ang lahat ng katanungan at ipapaskil ang mga ito, kasama ang aming mga sagot, sa website. Maaari rin ninyong i-email ang inyong mga katanungan sa anumang oras sa email inbox sa BeaconHillBike@Seattle.gov .